

# Chapter One



“Yooohoo!”

Naalimpungatan si Faith sa sunud-sunod na katok sa pinto. She turned to the side table and squinted. Napaungol siya nang makita sa kanyang alarm clock na wala pang alas seis ng umaga.

“Yooohoo!”

The pounding started again. Tumagilid siya at nagtakip ng unan sa ulo. Baka kapag hindi niya pinansin ay magsawa na ito at umalis.

But the pounding grew louder.

So much for wishful thinking. Mauuna pang pumuti ang uwak bago sumuko ang kanyang Auntie Dora.

Umungol si Faith at tumayo. Kinapa niya ang eyeglasses sa side table at isinuot. Kapag hindi pa niya ito pinagbuksan, siguradong uulanin siya ng reklamo mamaya mula sa kanyang mga kapitbahay. Worse, baka pulutin na siya sa loob ng barangay hall.

Pumupungas pang binuksan niya ang pinto ng apartment. Daig pa ang ipo-ipo nang pumasok ang matanda sa loob. Bumagsak sa sofa ang mahabang payong kasunod ang wide-brimmed summer hat.

“Auntie D, alam mo ba kung anong oras pa lang?” Kalampag ng mga kaldero sa kusina ang sumagot sa kanya. She made a loud yawn. Nagkakamot ng ulong sumunod siya sa matanda.

Nakatuwad ang kanyang tiyahin nang maabutan niya. Halos kalahati ng katawan nito ay nasa loob ng refrigerator. Kamuntik na siyang tumawa nang malakas nang makita ang suot nito.

Neon-green spandex pants. There was nothing wrong with it. It would look sexy on someone with a nice, rounded butt and long, shapely legs. Unfortunately, her aunt lost her butt years ago and her legs were neither long nor shapely.

Tumuwid ito at pagharap sa kanya ay may hawak nang dalawang itlog, kalahating repolyo, isang carrot at ang plastic ng sweet ham na inilabas niya sa freezer nang nakaraang gabi.

Faith's mouth gaped open. Her aunt was wearing a tangerine, Sabrina-style blouse two sizes larger, with three-fourth sleeves and a wide, black leather belt with a buckle the size of a saucer. Hindi kaya tumutusok sa ribcage nito ang gilid ng buckle?

She bit her lower lip to keep from laughing. Lalo na nang mapunta sa mukha nito ang pansin niya. It was a pretty face, actually. There were laugh lines at the corners of her eyes and genuine warmth in her smile. Even at the age of seventy, Auntie Dora didn't look old. What surprised her most was the mop of curly, shoulder-length, pink hair. She was wearing a pink wig today.

*Pink!* Talk about eccentric.

Her aunt has the most outrageous—often laughable—fashion sense. Dapat ay sanay na si Faith. The old woman had been a constant figure in her life for more than two decades, after all. Pero palagi na'y nagugulat pa rin siya

sa ayos nito.

Umupo siya sa stool sa tapat ng granite island at pasimpleng sinilip ang suot nitong sapatos. Yup! Those were her favorite kid-size rubber shoes with blinking soles.

Napailing na lamang ang dalaga. Her aunt was an eccentric old woman. But her quirks didn't make Faith love her less.

“Your fridge and cupboard’s nearly empty.”

“I’ll go grocery shopping today.”

The old woman was busy making a vegetable omelet, but she kept sneaking glances at her.

Faith rolled her eyes heavenward.

“Okay, Auntie D, what brought you here?”

Matapos isalang sa frying pan ang omelet ay hinarap siya nito.

“Birthday mo na next Saturday,” anito.

“And?”

“Twenty-six ka na.”

“So?”

Lumapad ang ngiti nito.

“I’m giving you a birthday party.”

Umungol siya. “Auntie—”

“You don’t have to worry about anything. Naiayos ko na ang lahat.”

“Auntie...”

“Naipa-reserve ko na ang clubhouse. Naipamudmod ko na rin ang invitations.”

“Auntie!”

Hindi pa rin siya pinansin nito. “Natawagan ko na si

Cora. Willing siyang mag-cater. And she'll even bring her son. Did I tell you Marcus is a lawyer?"

She groaned. Sabi na nga ba't tama ang hula niya. Isa lang naman ang goal ng auntie niya sa pagbibigay sa kanya ng party. She was matchmaking again.

"Auntie, napag-usapan na natin ito, di ba?" paalala niya.

Kumunot ang noo nito. "Alin ang napag-usapan natin?"

"Na hindi mo na pakikialaman ang love life ko."

"Love life? I didn't know you have one."

"Auntie..."

Ibinaba nito sa harapan niya ang kanyang almusal. Ni-refill din nito ang kanyang tasa ng kape.

"Remember that blind date you set up? It was a disaster."

Hindi lang nakakatamad kausap ang naka-date ni Faith. He also had the table manners of a pig.

"And that med rep guy you introduced me to? He's a pervert."

Inisa-isa niya ang mga lalaking ipinakilala sa kanya ng tiyahin na hindi pumasa sa kanyang standards.

"And your point?" nakapamaywang na tanong ni Auntie Dora.

"I'm not ready for a relationship now. Kahit ilan pang lalaki ang ipakilala mo sa akin, kahit ilang ulit mo akong i-matchmake, it won't work. I'm not interested!"

Pumalatak ito. "Who says I'm matchmaking?"

Umikot na naman ang mga mata niya. Madalas, mas nakakapagod pang makipag-usap sa Auntie Dora niya

kaysa isang two-year-old toddler.

“Hindi mo ba ako naintindihan? I want to give you a birthday party. Iyon lang ang gagawin ko.”

“But?”

“I invited your friends and some of my friends—”

“Who happen to have sons.”

“Well, hindi ko naman kasalanan ’yun.”

*Oo nga naman.*

Napailing na lamang si Faith. It’s not healthy to start your day getting riled up at six thirty in the morning.

Mag-jo-jogging siya pag-alis ng kanyang tiyahin.

Mabisang therapy iyon para sa kumukulo niyang dugo.

Iyon ay kung may balak itong umalis ng apartment niya.

“Don’t you worry, Dear.” Tinapik-tapik pa nito ang braso niya. “It’ll be fun.”

Nakaawang ang bibig na tumitig siya sa kausap.

“All you have to do is to be there.”

Wala siyang masabi.

“Okay, I’m done.” Dahil nakaupo siya ay halos magkasing-tangkad lang sila. Nagawa siyang halikan ng tiyahin sa noo. “Have fun, Dear. ’Bye!” Nasa pinto na ito nang muling magsalita. “By the way, do you remember Theodore?”

Nangunot ang noo ni Faith. Si Theodore na naging kapitbahay nila noon? How could she forget the one man who broke her young heart?

*It wasn’t his fault entirely. Ikaw ang umasa.*

But still...

“Dalawang linggo na pala siyang narito sa Pilipinas. Nakita ko siya n’ung isang araw.”

“Don’t tell me...”

“Of course I invited him. He said he wouldn’t miss it for the world.”

Faith whimpered. Wala na. Sira na ang araw niya.

“Goodbye, Dear!” sigaw ni Auntie Dora.

And just as fast as she barged in, she left.



“Auntie D’s giving me a birthday party,” himutok niya sa kapatid na si Murphy. Kausap niya ito sa telepono.

“Alam ko. Tinawagan niya ako.”

“When?”

“Uhm... last week?”

“Last week? At hindi mo man lang itinawag sa akin?” paninita ni Faith.

“I’m busy!” katuwiran nito.

Napaungol na lamang siya.

“Tell me you’ll be there.”

“Hmm... depende.”

“Murphy!” Narinig niya ang malakas na tawa ng kapatid.

“Joke lang. Siyempre, darating ako. I wouldn’t want to miss your meeting with your long-time crush.”

“Sino’ng long-time crush?”

“Si Theo, sino pa?”

Bahaw siyang napatawa. “Nagbibiro ka ba? He’s not my long-time crush.” She heard Murphy’s snort. So okay, it was a lie. She had a crush on him when she was fourteen. And he broke her heart. “He’s the bane of my existence. He’s a bully and a jerk. I hate him.”

“And they say there’s a thin line between love and

hatred,” she teased Faith.

“Ugh! Give me a break!” Humagapak ng tawa ang kausap niya. Pasalampak siyang naupo sa sofa. Nakatatlong ikot siya sa park, pero hindi pa rin bumuti ang mood niya. Naiinis pa rin siya. “Bakit kasi hindi na lang ako pabayaan ni Auntie D sa gusto ko? Hindi na naman ako bata,” angal niya. “I wish Thomas was here.”

Nang mag-fifteen ang panganay nilang kapatid ay bumalik ito sa U.S. Gusto kasi nitong sundan ang yapak ng kanilang ama. Nagtapos ito ng Bachelor of Science in Criminal Justice sa *California State University* sa Los Angeles. Naging detective ito sa *Los Angeles Police Department* bago na-recruit ng *Federal Bureau of Investigation*. Nakadestino ito ngayon sa *FBI* field office sa Dallas, Texas.

“Thomas was wise to get away before Auntie D got her hands on him,” bulalas ni Murphy.

Malalim ang buntong-hiningang pinakawalan niya.

“Ano’ng gagawin ko, Murp? I don’t want to hurt Auntie D’s feelings.”

“She means well, Faith.”

“Alam ko. Pero kung nandito ka lang, maiinis ka rin.”

“Alam mo, Sis, pagbigyan mo na lang si Auntie D. Hindi naman tayo masasaktan kung pagbibigyan natin siya paminsan-minsan. I mean, we owe her big time.”

Kung tutuusin ay hindi naman talaga nila kadugo si Rhodora Arcangel. Sa kuwento ng mommy nila ay inampon ito ng mga magulang ni Rhodora. Her Auntie D was fifteen years older than her mother that time. Nauna itong mag-asawa kaysa mommy niya pero hindi pinalad

na magkaanak.

Nagtapos ng Nursing ang kanyang ina at pinalad na makapagtrabaho sa isang ospital sa California. Doon nito nakilala ang kanilang daddy na isang detective ng *LAPD* at doon na rin nagpakasal. Murphy was just a year old nang mamatay sa kalagitnaan ng isang assignment ang ama nila.

It was so sudden that her mother suffered from months of depression. When they thought she had recovered, the accident happened. Nangyari ang car crash sa *Santa Monica Freeway*. Walang makapagsabi kung bakit naroon ang kanyang ina. Hindi naman kailangang dumaan doon para makauwi sa apartment nila sa *Mar Vista* mula sa pinapasukan nitong ospital sa *Culver City*.

Dahil kapwa wala nang ibang kamag-anak, si *Rhodora* ang inilagay ng mga itong legal guardian nilang magkakapatid.

Hindi nagdalawang-isip si *Rhodora* na iuwi sila sa Pilipinas at alagaan. At dahil wala namang iniwang trust fund ang mga magulang para sa kanila, inako rin nito ang lahat ng gastos sa pagpapalaki sa kanila. When *Rhodora* lost her husband two years after her mother's death, hindi na ito muling nag-asawa at itinuon na lang ang pansin sa kanilang tatlo. She had been a parent and a friend to the three of them. Kaya naman abot-langit ang utang-na-loob nila rito. Ganoon din kataas ang respeto nila para sa kanilang Auntie *Dora*.

It's just that sometimes, her meddling gets into her nerves.

“Easy for you to say. Hintayin mong ikaw naman ang



pagdiskitahan ni Auntie D,” asik ni Faith.

Murphy giggled.

She sighed. “You’re right. Wala naman akong magagawa kundi ang makiayon sa kanya. Wish ko lang ito na ang huli.”

Her sister laughed. “Good luck on that wish.”

Kahit paano ay nakagaan sa loob ni Faith na nakausap niya ang bunsong kapatid.

“Just be there! Hindi kita kakausapin kahit kailan kapag hindi ka nagpunta,” banta niya.

“Hey, I told you I’ll be there. Gusto ko ring makita si Theo. I couldn’t wait to see sparks fly.” Faith groaned. Hindi na lamang siya nagsalita dahil alam niyang may sagot si Murphy sa bawat katuwiran niya.

Nang magpaalam ang kanyang kapatid ay tinawagan niya ang assistant na si Midas. Interesado ang isang department store na i-market ang homemade scented bath soap, body scrub, lotion at perfume na ginagawa niya.

The news lightened her mood. Ibig lang sabihin ay unti-unti nang lumalago ang kanyang negosyo. Marami na ang nakakakilala sa brand niya. A few more months and she may have to relocate her factory to a bigger place.

She ended her call with a smile. The day was turning to a wonderful one, after all.